

*«Grandma's meatballs»*

Ginagawang mas ligtas ang buhay para sa matatandang nasa bahay.

**MAGLAGAY NA NGAYON NG STOVE GUARD SA BAHAY!**

ALT VI KAN MOT BRANN


**(PAGTUTULUNGAN – LABAN SA SUNOG)**

Taun-taon, maraming namamatay na matanda dahil sa sunog na nagsisimula habang naghahanda sila ng pagkain. Ang mga sunog na nagmula sa kalan ay isa sa mga pinakakaraniwang dahilan ng sunog sa mga bahay sa Norway, at partikular na naaapektuhan ang matatanda. Kung may mga magulang kang nasa bahay, matutulungan mo silang gawing mas ligtas ang kanilang buhay:

**Bilhan sila ng stove guard!**
Awtomatiko nitong pinuputol ang kuryente kung makalimutan nilang i-off ang hob. Magandang produkto ito na nakakatulong na maprotektahan sila sa sunog.

Sa panahon ngayon, kinakailangan sa lahat ng bagong bahay ang isang stove guard, gayundin sa mga lumang bahay na nire-rewire. Ang mga stove guard ay maaaring

ilagay sa anumang uri ng kalan na mayroon ka, at napakadaling gamitin ang mga ito. May karapatan din ang ilang tao na humiram ng mga stove guard mula sa kanilang lokal na Centre for Assistive Technology. Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga inirerekomendang modelo at kung saan mo mabibili ang mga ito sa **sikkerhverdag.no**



ALT VI KAN MOT BRANN

**Ang 'Alt vi kan mot brann (Pagtutulungan - laban sa sunog)' ay isang proyekto ng iba't ibang organisasyon at ng buong bansa laban sa sunog. Ang layunin ng proyekto ay magbigay sa mga tao ng maraming kapaki-pakinabang na kaalaman hangga't maaari upang makatulong sa kanilang mabawasan ang panganib ng sunog.**

Sa pamamagitan ng mga hakbang sa buong bansa at sa lokal, ita-target namin ang iba't ibang pangkat na nasa panganib at magbibigay kami sa kanila ng impormasyon at kaalaman. Ang ideya ay magpadala ng iba't ibang organisasyon na eksperto sa gawaing naglalayong mapigilan ang sunog, para sa maayos na pagpapatupad ng iisang layunin: mabawasan ang sunog. Ang pinakapagtutuunan namin ng pansin ay ang mga bahagi ng populasyon na pinakamalamang na mamamatay dahil sa sunog.
Inorganisa ang proyektong ito ng The National Coordination Group for Fire Communication. Kasama rito ang Directorate for Civil Protection, Local Electrical Safety Inspection Authorities (Det lokale eltilsyn), Norwegian Fire Protection Association, Finance Norway, Norwegian Fire Information Forum (Branninformasjonsforum), Norwegian Association of Chimney Sweeps (Feiermesternes landsforening), Norwegian Association of Fire Officers, Register of Competent Companies (sakkyndige selskaper) at NELFO.

Ang 'Alt vi kan mot brann (Pagtutulungan - laban sa sunog)' ay isang proyektong binuo ng National Communication Strategy for Fire Safety

**sikkerhverdag.no #alleffortsagainstfiress**

dsb Norwegian Directorate for Civil Protection · Norsk brannvernforening · Finans Norge

NELFO · Norsk brannbefals landsforbund · Feiermesternes landsforening

SAKKYNDIGE SELSKAPER · DET LOKALE ELTILSYN · BRANNINFORMASJONSFORUM

DSB 2015